Mensahe Labing-isa

# Ang Labis na Bunga ng Mabuting Lupain at ang Sama-samang Pagsamba sa Diyos Ama sa Katotohanan

Babasahin sa Kasulatan: Deut. 8:7-10; 12:6-7, 11-12, 18; 16:15-17; Efe. 3:8; Juan 4:23-24

**I. Ginagamit natin ang salitang *labis* dahil nagtatabi ang bayan ng Israel ng ilang bahagi ng kanilang bunga mula sa pagpapagal sa mabuting lupain para sa layuning sambahin ang Diyos—Deut. 12:5-15, 17-18, 20-22, 26-27; 14:22-23; 15:19-20; 16:16-17:**

A. Ang labis na bunga ng mabuting lupain ay sumasagisag kay Kristo—8:7-10.

B. Inihandog ng bayan ng Israel ang bunga ng Canaan sa Diyos at tinamasa ito kasama ang Diyos.

C. Ang pagtatamasa sa labis na bunga ng mabuting lupain ay sumasagisag sa sama-samang pagtatamasa kay Kristo bilang ating pagsamba sa Diyos—Efe. 3:8.

D. Ayon sa Bagong Tipang katuparan ng sagisag na ito, kapag pumupunta tayo upang sambahin ang Diyos sa isang sama-samang paraan, kailangan nating dalhin ang Kristo na ating naranasan—Efe. 3:17-18; Col. 1:27; 3:3-4, 11.

**II. Kung tapat tayong magpapagal sa nagpapaloob ng lahat na Kristo, matataglay natin ang kayamanan ni Kristo bilang bunga upang maitanghal si Kristo sa mga pagpupulong ng ekklesia—Efe. 3:8; 1 Cor. 14:26:**

A. Ang wastong buhay ng mga Kristiyano ay ang magpagal kay Kristo bawat araw at sa gayon ay mataglay ang mayamang labis na Kristo upang dalhin sa mga pagpupulong para sa isang mayamang pagtatanghal ng Kristo—b. 26:

1. Nagtitipon-tipon tayo sa mga pagpupulong ng ekklesia upang magkaroon ng pagtatanghal ng Kristo—Col. 1:18, 27.
2. Sa pamamagitan ng ating araw-araw na mga karanasan sa kayamanan ni Kristo, ang mga kayamanang ito ay magiging isang pagtatanghal ng bunga na Kristo—Efe. 3:8, 17-18; Col. 2:6, 9-10, 17.
3. Ang mga pagpupulong natin ay dapat palaging maging isang pagtatanghal upang ipakita kung ano si Kristo, kung anong taglay ni Kristo, at kung anong ginagawa ni Kristo—Heb. 1:3; 2:9, 14; 1 Juan 3:8; 4:9, 15; Gawa 2:24, 32-33; Apoc. 1:17b-18.

B. Nagpupulong tayo upang itanghal hindi lamang ang Kristo na ibinigay ng Diyos sa atin bagkus gayundin ang Kristo na ibinunga natin, ang Kristo na pinagpagalan natin at naranasan natin; ito ang Kristo kaya tayo nagtitipon-tipon upang itanghal—Col. 1:12-13; Fil. 3:10.

C. Kung patuloy tayong magpapagal kay Kristo, magkakaroon tayo ng mayamang labis na Kristo upang dalhin sa mga pagpupulong para sa isang mayamang pagtatanghal ng Kristo—1 Cor. 1:24, 30; 10:3-4; 14:26.

D. Sa tuwing tayo ay nagtitipon-tipon, anumang uri ng pagpupulong ang isinasagawa natin, dapat tayong dumalo kasama ang Kristo na naranasan natin bilang labis upang ihandog sa Diyos at itanghal sa buong sansinukob at sa kaaway, ipinahihiya siya—Juan 4:23-24; Efe. 3:10, 17; 4:15:
  1. Sa gayon ang ating mga pagpupulong ay mapagyayaman at mapalalakas dahil punô ng Kristo ang mga ito—Col. 3:4, 10-11.
  2. Ang gayong buhay-ekklesia ay isang pagtatanghal ng Kristo, isang kahayagan ni Kristo—Efe. 3:21.
  3. Kailangan nating magdala ng labis na Kristo sa bawat pagpupulong upang maitanghal si Kristo—b. 8
  4. Kailangan nating tamasahin si Kristo sa ating pang-araw-araw na buhay at magtipon-tipon upang itanghal Siya—1 Ped. 1:8.

E. Upang magkaroon ng mga wastong pang-Kristiyanong pagpupulong, kailangan nating kaugnayin ang Panginoon araw-araw sa ating personal na buhay at pagkatapos ay dumalo sa mga pagpupulong na may pagkatanto at pagkaunawa na dumadalo tayo upang itanghal si Kristo at ibahagi si Kristo sa iba—1 Cor. 14:26.

F. "Tuwing tayo'y magpupulong, / Kasaganaan ay dalhin; / Upang Panginoo'y matanghal, / Sa Kanya'y ihain. / Si Kristo'y itanghal, / Si Kristo'y itanghal, / Dalhin ang kasaganaan / Sa ekklesia-lokal"—*Mga Himno*, #864, saknong 1 at koro.

**III. Kailangan nating magpagal sa nagpapaloob ng lahat na Kristo upang magkaroon ng labis na Kristo upang dalhin sa mga pagpupulong ng ekklesia para sa sama-samang pagsamba sa Diyos Ama—Juan 4:23-24; Efe. 3:21:**

A. "Sa loob ng mahigit apatnapung taon [isinalita noong 1982] ay nakikipagbaka na ako sa labanan hinggil sa tunay na pagsamba sa Diyos. Ang labanang ito ay hindi pa rin naipapanalo"—*The Fulfillment of the Tabernacle and the Offerings in the Writings of John*, p. 142.

B. Para sa ating pagsamba sa Kanya, hinihiling ng Ama na magtungo tayo sa Kanya nang may ani na Kristo; sa gayon, kailangan nating dumalo sa mga pagpupulong ng ekklesia na may kayamanan ni Kristo—Juan 4:23-24; Efe. 3:8.

C. Araw-araw, dapat tayong magpagal kay Kristo upang magkaroon ng ani ng kayamanan ni Kristo upang dalhin sa mga pagpupulong ng ekklesia para sa sama-samang pagsamba sa Diyos Ama; si Kristo ay maitataas at maluluwalhati, at ang Ama ay malulugod at masisiyahan—Deut. 12:6; 16:15-17; 1 Cor. 14:26; Juan 4:23-24.

D. Napakahalaga na masigasig tayong magpagal kay Kristo upang mapunô ang ating mga kamay ng Kristo at pagkatapos ay dumalo sa mga pagpupulong ng ekklesia upang tamasahin ang mayaman at maluwalhating Kristo na ito kasama ang mga anak ng Diyos at kasama ang Diyos Ama Mismo—1 Cor. 10:31; 14:26; Juan 4:23-24; Roma 15:6.

E. Sa tuwing dumadalo tayo sa pagpupulong ng hapag ng Panginoon upang alalahanin ang Panginoon at sambahin ang Ama, dapat tayong dumalo na may kayamanan ni Kristo na naibunga sa pamamagitan ng ating araw-araw na pagpapagal kay Kristo—Deut. 16:15-17:
   1. Ang sambahin ang Ama kalakip si Kristo ay ang sama-sama Siyang sambahin kasama ang lahat ng anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatamasa kay Kristo sa isa't isa at kasama ang Diyos—1 Cor. 14:26.
   2. Kailangan nating magbunga nang sapat na Kristo nang sa gayon ay magkaroon ng labis upang ibahagi sa iba at upang ihandog ang pinakamainam na bahagi ng bunga sa Diyos Ama para sa Kanyang kagalakan, kaluguran, at kasiyahan—Deut. 15:11; 18:3-4; 12:11.

F. Sa mga huling araw na ito babawiin ng Panginoon ang tunay na karanasan kay Kristo para sa labis ng Kanyang kayamanan sa mga pagpupulong para sa pagtatayo ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo at para sa paghahanda ng kasintahang babae ng kanyang sarili para sa pagdating ng Kasintahang lalaki.

**IV. Ayon sa Juan 4:23-24, kailangan nating sambahin ang Diyos Ama sa espiritu at sa katotohanan:**

A. Ang katotohanan ay ang nahayag na dibinong realidad—ang Tres-unong Diyos na naipamahagi tungo sa tao sa loob ng Anak, si Hesu-Kristo—na nagiging ating pagiging tunay at sinseridad nang sa gayon ay maipamuhay natin ang isang buhay na tumutugma sa dibinong liwanag (1 Juan 1:5) at sumasamba sa Diyos, tulad ng hinahanap ng Diyos, ayon sa kung ano Siya (2 Juan 1; 3 Juan 1).

B. Mula sa pagtatamasa sa dibinong realidad ay lumalabas ang pantaong katotohanan, sinseridad, at pagiging tunay—Juan 4:23-24; 1 Juan 3:18; 2 Juan 1; 3 Juan 1.

C. Ang katotohanan ay ang pantaong pagiging tunay, sinseridad, pagiging totoo, pagiging mapagkakatiwalaan, at katapatan bilang isang pantaong kagalingan at bilang isang bunga ng dibinong realidad—Juan 14:6.

D. Ang *katotohanan* sa Juan 4:23-24 ay tumutukoy sa dibinong realidad na nagiging pagiging tunay at sinseridad ng tao para sa totoong pagsamba sa Diyos.

E. Ang dibinong realidad ay si Kristo bilang bukal ng buháy na tubig, ang Espiritung nagbibigay-buhay, na nabahagi at nainom ng mga mananampalataya upang maging realidad sa loob nila, na kalaunan ay magiging kanilang pagiging tunay at sinseridad kung saan sinasamba nila ang Diyos ng pagsambang hinahanap Niya—bb. 10, 14, 23.

F. Ang sambahin ang Ama sa katotohanan ay ang sambahin Siya kalakip ang Kristo na nagtigmak sa ating katauhan upang maging ating personal na realidad sa pamamagitan ng pagdaranas at pagtatamasa sa Tres-unong Diyos bilang dibinong realidad—bb. 23-24.

*© 2023 Living Stream Ministry*